# Kabanata 3:
# KEITH JOSHUA DIAZ

KINABUKASAN, BUMALIK SI Iska sa school. Kailangan niyang ibalik ang toga. Mayroon naman silang isang linggo para ibalik ito pero gusto na niya itong ibalik agad. Nagbabaka-sakali kasi siya na makita si Joshua sa *school*. Hindi na niya ito nakita pagkatapos ng *graduation*. Hindi rin ito nagrereply sa kaniya kahit panay ang padala niya ng *message*. Ang masaklap pa, panay ang *post* ng binata ng *status* sa StalkMe *profile* nito.

Pagkatapos ng *graduation* at simpleng salu-salo nila kahapon, nagkulong na lang si Iska sa kuwarto niya. Wala siyang ganang kumausap ng tao kahapon. Ang tanging ginawa niya lang ay hanapin ang *exclusive group* ng mga taga Antipolo Parochial School sa StalkMe. Kaya lang, hindi sapat ang talinong mayroon siya para hanapin ang exclusive group na iyon.

Naglalakad si Iska papunta sa *Faculty Room*. Wala nang masyadong tao sa *school*. Bakante na ang mga upuan sa lobby na dati ay punong-puno ng mga estudyante tuwing *recess*. *Summer Break* na kasi. Silang mga *graduating student* na lang ang naroon. May ilang estudyante rin ang naglalakad sa *hallway* at nagbabalik ng toga. May ilang estudyante rin ang nagpapa-clearance.

Birthday ni Iska pero para siyang pinagsakluban ng langit at lupa. Dala niya pa rin ang *headphones* na ireregalo niya kay Joshua. Kung



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 61 11/20/2024 8:06:35 AM

makikita man niya ito, gusto niyang itanong kung totoo ba ang kaniyang narinig. Totoo bang pinagpustahan lang sila. *Truth or dare*? Seryoso ba?

Nang makarating si Iska sa *Faculty Room*. Bumati lang siya ng magandang araw at hinanap si Bb. Masangkay. Binati siya ng guro at kinuha rin ang iniabot niyang toga. Nagbigay rin si Iska ng isang *box* ng *doughnut* bilang regalo.

Nagmasid si Iska sa labas ng *Faculty Room*. Bintana lang naman ang mapapansin at ilang *bulletin board*. Saradong-sarado rin ito. Kailangang huminga nang malalim bago kumatok at pumasok ng *faculty room*. Napakatahimik ng *school* kapag bakasyon. Kasintahimik ng *school* ang *cellphone* niya. Wala man lang *notifications* o *reply* mula kay Joshua. Nakakapag-post ito ng *graduation picture* kahapon sa StalkMe pero hindi man lang nagpaparamdam.

Naglakad na lang si Iska papunta sa *canteen*. Napatingin siya sa taas. Nagdidilim na ang langit. Kasimbigat ng nararamdaman niya ngayon. Isang buwan lang pala sila ni Joshua.

Walang mahabang pila sa *canteen*. Mga *teachers* na lang ang bumibili ng pagkain. Mukhang ubos na rin ang mga pagpipilian. Habang namimili ng inumin, naramdaman niyang may kumalabit sa kaniya. Pamilyar sa kaniya ang amoy na iyon.

"Pwede ba tayong mag-usap?" Si Joshua.

*Sa wakas*. Sa isip-isip ni Iska. Siguro nagpahangin lang ito, o baka naman naghanap lang ng *space*. Baka naging busy dahil nga *graduation*. Kayang intindihin ni Iska lahat.

Umupo si Iska sa pinakadulong bahagi ng *canteen*. Bumili si Joshua ang dalawang bote ng *orange juice* at dinala sa kanilang mesa. Umupo na rin ito at tumingin nang maiigi kay Iska. Hawak ng binata ang dalawang malamig na inumin nang lumapit kay Iska.

Iniabot ni Iska ang *headphones*. Tinanggap naman ito agad ng binata.

"Sorry, Francesca, pero ayoko na." Inilagay ni Joshua ang regalo ni Iska na nasa paper bag sa tabi nito. Umiwas ito ng tingin kay Iska. Parang may itinatagong sikreto.

"Ha? Anong ayaw mo na?" may halong pagdadabog at pagkainis na tanong ng dalaga.

"*I need space*," sagot nito. Totoo pala ang linyahan na ito ng *breakups*. Akala ni Iska, sa pelikula lang. Lagi na lang bang *space* ang dahilan ng *breakups*.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 62 11/20/2024 8:06:35 AM

"Paanong *space*? Gusto mo bang bigyan kita ng *time* mag-isip? Kailangan bang *break* agad?" Sunod-sunod ang tanong ni Iska ngunit wala sa mga iyon ang sinagot ni Joshua nang maayos. Sa halip, iniwasan niya lang muli ang tingin ni Iska. Tumingin lang ito sa malayo.

Nagtanong uli si Iska. "Gusto mo ba talaga ako? O totoo ba ang sinabi nila Viy na *dare* lang pala ako sa *basketball team* n'yo?"

Hindi umimik si Joshua. Mas naging tahimik ang paligid. Tanging maliliit na kilos mula sa kusina ng *canteen* ang maririnig. Malinaw rin ang tunog mula sa lumang *electric fan*.

Walang lakas si Iska para buksan ang malamig na inumin sa harap nila. Sa mga normal na araw, madali lang ito pero ngayon, mas humigpit yata ang pagkakakapit ng takip sa bote.

Binuksan ni Joshua ang bote para sa kaniya. "Sorry, Francesca. Sana maintindihan mo. Sorry. Sorry." Hindi man lang siya tiningnan ng binata pagkasabi niyom. Umiiwas ang mga mata ng mga binata kay Iska.

Hindi na kinaya ni Iska ang pangyayari. Humihikbi siyang tumayo at umalis. Ito na yata ang pinakamasakit na nangyari sa buhay niya. Tumulo na rin ang mga luha niya na parang walang katapusan. Pinunasan na lang niya agad ng panyo saka umalis.

Paglabas ng *canteen*, dumiretso siya palabas ng *gate* ng *school*. Bitbit niya ang sama ng loob at kurot sa puso dahil sa pangyayari. Sa paglalakad, napadaan siya sa simbahan. Iniisip niya kung *deserve* niya bang maramdaman ang ganitong sakit. Napabuntong-hininga na lang siya.

Pakiramdam ni Iska, lahat ng nakikita niya sa paligid ay masaya bukod sa kaniya. Narinig niya ang tunog ng kampana. Ibig sabihin, alas-dose na. Huminto ang lahat ng naglalakad sa gilid ng simbahan. Mayamaya, narinig niya ang boses mula sa malaking simbahan na nananalangin ng Angelus. Tinapos lang ni Iska ang dasal. Dumiretso na siya palabas ng simbahan at naghanap ng *tricycle* na siyang maghahatid sa kaniya pauwi.

"MAGA BA MATA mo, birthday girl?" tanong ni Tiya Oyang kay Iska. Ito ang bati sa kaniya ng tiyahin nang pumasok siya sa bahay. Nakita naman agad ni Iska ang lahat ng handa sa kusina. Nagpapatugtog din si Tita Ela ng masasayang kanta. Nilagpasan niya lang ito.

Hindi sumagot si Iska sa tanong ng tiyahin at pumasok na lang sa kuwarto. Isinara niya agad ang pinto. Dahan-dahan lang para hindi mapansin. Tapos na siyang umiyak sa biyahe. Sa biyahe niya rin tinapos



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 63 11/20/2024 8:06:35 AM

ang pagdadrama. Ayaw niyang ipakita sa ibang tao na umiyak siya. Baka kung ano pa ang isipin.

Dumapa lang si Iska sa kama. Inilagay niya ang *cellphone* sa ilalim ng unan. Masaya naman ang lahat dahil nga ikalabing-anim na kaarawan niya ngayon. Dati *favorite day* niya ang May 5, pero ito ang unang birthday niya na hindi man lang niya na-enjoy.

Habang humihikbi, narinig niya ang pagpihit ng *doorknob*. Lumikha ng ingay ang pinto.

"Hindi mo nadiinan ang *lock*, Iska." Ito na lang ang nasabi ng Tiya Oyang sa kaniya. Sa lahat ng magkakapatid, si Tiya Oyang ang pinakanakakaunawa sa kaniya. Hindi naman sa hindi siya naiintindihan ng Mommy Jo niya, pero siguro, dahil dalaga pa si Tiya Oyang, ito na ang parang naging kapatid ni Iska. Mas madalas kasama ni Iska si Mommy Jo at Tiya Oyang sa *school activities*. Kapag nasa sa *duty* si Mommy Jo, si Tiya Oyang ang dumarating dahil sa *school* rin nagtatrabaho ang tiyahin. Mas strikto si Mommy Jo kay Tiya Oyang. Mas malambing naman ang tiyahin sa kaniya.

Dahan-dahang tumabi si Tiya Oyang kay Iska. "Anong nangyari? Bakit ganyan ka?"

Nakatalikod pa rin si Iska. "Wala po. Pagod lang po."

Kinalabit siya uli nito. "Eh ano'yang paghikbi-hikbi mo kanina papasok ng kuwarto? Magsabi ka nga. Para naman akong ibang tao," sagot pa nito.

Hindi talaga makakaligtas si Iska sa tiyahin niya. Lalo pa kay Tiya Oyang. Bumangon siya at hinarap ito. "Ganito po." Huminto sandali si Iska para humanap ng pinakamagandang paliwanag sa mabusising tiyahin. "Parang nawalan lang ako ng kaibigan."

"Nawalan ng kaibigan pero may pagdadrama?" sagot agad nito.

Napangiti na lang si Iska na may halong asar. "*Special friend* po kase," sabi nito.

"Iska. Iska. Iska. Hindi grade three ang tiya mo para maloko mo ng ganiyan. Kilala kita. Sino ba 'yan. 'Yong Joshua? 'Yong wallpaper mo?" Gustong matawa ni Oyang pero pinipigilan niya lang dahil baka mapikon ang pamangkin. "Nakita ko pa siya sa school no'ng nakaraan, ah."

Huminga nang malalim ang dalaga. "Hay. Wala nga po ata akong maitatago sa inyo, 'no?" tanong ni Iska na siyang tinanguan lang ng tiyahin. "Siya nga po."

"Lagi mo ba namang ikwento 'yang Joshua na 'yan tuwing sumasabay ka sa akin pauwi. Paanong 'di ko makikilala. Nako, dalaga na ang



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 64 11/20/2024 8:06:35 AM

pamangkin ko. Nabo-broken hearted na. Halika nga. Payakap nga sa paborito kong pamangkin."

Isang mahigpit na yakap ang ibinigay ng tiyahin niya sa kaniya. Ito ang yakap na hindi na kailangan ng salita. Ito ang yakap na kailangan ni Iska nang mga panahon na iyon.

"Pero masakit pa rin palang maloko. Akala ko, gaya ni Jane, okay rin si Joshua." Ito na lang ang nabanggit ni Iska. "Masyado ko 'ata siyang inisip. Hindi ko na napansin ang mga *red flags*." Ilang na tawa na lang ang naidugtong ni Iska sa pangungusap. Talagang wala na siyang masabi kundi iyon. Mahirap ikuwento isa-isa. Baka maiyak na naman siya.

Hinaplos ni Tiya Oyang ang kaniyang likod. "Iiyak mo lang, Iska. Alam mo bang lunas din ang luha sa kalungkutan. Kapag naiiyak mo na 'yan, magiging magaan ang pakiramdam mo. Sige lang."

Hindi na mapigilan ni Iska ang luha na kanina pa niya pinipigil. Sa isip niya, naaasar siya dahil *birthday* niya, at naka-graduate pa siya *with honors*, pero pagdating sa simpleng bagay, naiiyak siya. Pero, simple nga ba ang pag-ibig? Hindi niya na rin sigurado.

Pero sa kabila ng lahat, nagpapasalamat siya na may pag-ibig siyang natagpuan sa pamilya. Totoo pala talaga na saktan ka man ng lahat ng tao sa mundo, hindi mawawala ang pamilya mo.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 65 11/20/2024 8:06:35 AM